



# Patnubay para sa Magulang

**Sa Pagbubukas Muli ng  
mga Paaralang K-12 sa  
Santa Clara County**

**para sa Taon ng Pag-aaral  
2020-2021**

Inilabas noong Setyembre 21, 2020

# Isang Patnubay para sa Magulang sa Pagbubukas Muli ng Mga Paaralang K-12 sa Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021

SETEMBRE 21, 2020

## Panimula at Pangkalahatang-ideya

Nauunawaan namin na ang mga pamilya ay maaaring may mga katanungan at inaalala tungkol sa panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan, kung paano susuportahan ng mga paaralan ang kalusugan at kaligtasan ng mga estudyante at mga miyembro ng kanilang pamilya, at kung paano magbabago ang mga karanasan sa edukasyon ng mga estudyante. Ang Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County ay naglabas ng mga kinakailangan at rekomendasyon para sa mga paaralang K-12 sa kanilang pagbubukas muli para sa personal na pagtuturo sa taon ng pag-aaral 2020-2021.<sup>1</sup> Ang dokumentong iyon ay makakatulong sa mga paaralan na magplano at gumawa ng mga hakbang upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan habang natutugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng mga estudyante.

Upang masuportahan ang mga magulang at iba pang mga tagapag-alaga habang sila ay nagpapasya tungkol sa pagbalik ng mga estudyante sa mga kampus ng paaralan na bubuksan muli para sa personal na pagtuturo at hikayatin ang pakikipag-ugnayan ng pamilya na maging mahalaga habang inaayos ng mga paaralan ang kanilang mga pamamaraan, ang Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County at Opisina ng Edukasyon ng Santa Clara County ay sama-sama na naglalabas ng buod na ito ng mga pagbabago na nauugnay sa COVID-19 na aasahan kung magpapatuloy ang paaralan para sa personal na pagtuturo.<sup>2</sup> Ang panlipunang emosyonal at pang-akademikong epekto ng COVID-19 sa mga pamilya at mga batang may edad na katulad ng mga nasa paaralan ay may malawak na nararating, at ang mga pamilya ay ang mga pangunahing partner sa pagtitiyak ng matagumpay na pagbabalik sa mga kampus ng paaralan.

<sup>1</sup> Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County, "COVID-19 PREPARED: Pagbubukas muli ng mga Paaralang K-12 ng Santa Clara County para sa Taon ng Pag-aaral 2020-2021" (Setyembre 21, 2020), makikita sa:

<https://www.sccgov.org/sites/covid19/Documents/ReopeningofSantaClaraCountyK12Schools.pdf>.

<sup>2</sup> Ang mga karanasan ng mga pamilya ay maaaring magkakaiba sa mga lokal na ahensya ng pang-edukasyon (LEA), dahil ang mga LEA ay maaaring gumagamit ng iba't ibang mga pamamaraan sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon at pagsasaalang-alang ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan.

Ang pag-unawa ng mga dalubhasa ng pampublikong pangkalusugan tungkol sa COVID-19 ay nagbago mula nang nagsarado ang mga paaralan noong huling tagsibol. Habang ang mga desisyon sa maagang pagsasara ng paaralan sa buong county ay batay sa kaalaman ng mga eksperto tungkol sa influenza, isang sakit kung saan ang pagkalat mula sa paaralan ay isang makabuluhang kadahilanan sa pagkalat sa buong komunidad, iminungkahi ng limitadong pagsasaliksik sa COVID-19 na ang COVID-19 ay iba kung ikumpara sa influenza sa mga mahalagang paraan.

Ang mga pangunahing napag-alaman mula sa mga napag-aralan ay may mahalagang tungkulin sa paggabay sa aming mga rekomendasyon para maiwasan ang pagkalat sa mga paaralan. Partikular na iminungkahi ng mga napag-alaman na ang pagkalat ng COVID-19 sa mga paaralan ay malamang hindi ganun kalawak kaysa sa pagkalat ng influenza, ang matanda-sa-bata na pagkalat ay mas malawak kaysa sa bata-sa-bata na pagkalat, at ang mga panganib ng pagkalat sa mga maliliit na bata ay mukhang mas mababa kaysa sa mga matatandang bata.

Habang lumalaki ang siyentipikong pagsasaliksik tungkol sa COVID-19 at habang nagbabago ang mga kondisyon sa ating komunidad, ang mga kinakailangan at rekomendasyon ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ay maaaring magbago bago o sa taon ng pag-aaral 2020-2021, at kailangang iangkop ng mga paaralan ang kanilang mga pamamaraan ayon dito.

### **Kailan magbubukas muli ang mga K-12 na paaralan sa Santa Clara County para sa personal na pagtuturo?**

Sa ilalim ng patnubay ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California (CDPH), ang lahat ng mga paaralan ay maaaring magbukas para sa personal na pagtuturo kapag ang Santa Clara County ay wala na sa Antas 1 (Purple na Antas) ng balangkas ng "Plano" ng Estado sa loob ng 14 na araw. Ang Santa Clara County ay inilipat sa labas ng Antas 1 noong Setyembre 8, 2020, at ang mga K-12 na paaralan sa Santa Clara County ay samakatuwid pahihintulutan na magpatuloy ng ganap na personal na pagtuturo sa Setyembre 23, 2020 kung ang county ay mananatiling sa labas ng Antas 1 para sa naunang 14 na araw.

Hanggang sa panahong iyon, ang mga paaralan para sa mga estudyante na nasa mga baitang K-6 ay maaaring mag-apply sa kanilang lokal na opisyal ng pangkalusugan para sa isang pagpaubaya (waiver) upang ganap o bahagyang mabuksan muli para sa personal na pagtuturo, at ang mga paaralan ay maaaring magbigay ng "personal na pangangasiwa ng bata at limitadong pagtuturo, napiling mga serbisyong pangsuporta, at pagpapadali ng distance learning sa mga maliliit na pangkat" sa mga subgroup ng estudyante sa ilalim ng [patnubay sa maliliit na pangkat](#) ng Estado.

### **Paano makakaapekto ang COVID-19 kung paano makapasok ang mga estudyante sa paaralan sa susunod na taon?**

## Transportasyon na Bus

- Dapat suriin ng mga pamilya ang mga estudyante para sa mga sintomas ng COVID-19 (tulad ng inilarawan sa seksyon ng pagsusuri (screening) sa ibaba) bago sumakay ang mga estudyante sa bus.
- Dapat panatilihin ng mga estudyante ang hindi bababa sa anim na talampakan ng pisikal na distansya habang naghihintay para sa bus at pagkatapos na mahatid ng bus.
- Ang mga estudyante at drayber ng bus ay dapat na magsuot ng mga tela na panakip sa mukha.<sup>3</sup>
- Ang mga estudyante ay uupo na malayo sa ibang mga estudyante hangga't maaari, maliban sa mga estudyante mula sa parehong kabahayan o parehong silid-aralan ay maaaring hilingin na umupo na malapit sa isa't isa upang malimitahan ang malapit na pakikipagsalamuha sa mga estudyante mula sa ibang mga kabahayan o silid-aralan.
- Ang mga estudyante ay dapat umupo ng hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa drayber ng bus.
- Ang mga upuan sa bus ay maaaring harangan upang magawa ang pisikal na pagdistansya.

## Pagdating at Pag-alis ng Estudyante

- Ang mga paaralan ay magpapatupad ng mga pamamaraan upang malimitahan ang pakikipagsalamuha sa pagitan ng mga estudyante, pamilya, kawani, at sa mas malawak na komunidad sa oras ng pagsundo at paghatid.
- Ang mga magulang o tagapag-alaga na naghahatid sa mga estudyante ay kabuuan na hihilingin na manatili sa kanilang mga sasakyan.
- Kung kinakailangan para sa isang magulang o tagapag-alaga na samahan ang isang estudyante sa kampus, isang magulang o tagapag-alaga lamang ang dapat pumasok sa paaralan kasama ang estudyante. Ang mga matanda (adult) na pumapasok sa kampus para sa pagsundo o paghatid ay dapat magsuot ng tela na panakip sa mukha.
- Ang mga estudyante ay bibigyan ng mga ruta sa pagpasok at paglabas.
- Ang mga paaralan ay gagamit ng maraming pasukan at labasan sa mga kampus hangga't maaari upang mabawasan ang pagtitipon ng maraming tao.

---

<sup>3</sup> Ang tela na panakip sa mukha ay isang materyal na tumatakip sa ilong at bibig. Maaari itong maikabit sa ulo sa paggamit ng mga tali o panali, o simpleng balutin sa ibaba ng mukha. Maaari itong gawa sa iba't ibang mga materyales, tulad ng bulak, sutla, o linen. Mahigpit na hinihikayat ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ang paggamit ng mga reusable na tela na panakip sa mukha. Para sa impormasyon sa naaangkop na mga panakip sa mukha, mangyaring tingnan ang gabay ng CDC, "Paano Pumili, Magsuot, at Maglinis ng Inyong Panakip sa Mukha" (na-update noong Agosto 27, 2020), na makikita sa: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prevent-getting-sick/about-face-coverings.html>.

- Mamarkahan ng mga paaralan ang mga espasyo ng anim na talampakan ang layo para sa mga matanda na naghihintay sa labas upang maghatid o magsundo ng mga estudyante na naglakad, nagbisikleta, o iba pang paraan ng aktibong transportasyon.


### **Paano maaaring magbago ang mga karanasan ng mga estudyante sa kampus?**

Kabilang sa mga karaniwang mga estratehiya upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng sakit sa mga paaralan at iba pang mga lokasyon sa komunidad ang: (1) pagbawas sa bilang ng mga tao na nakikipagsalamuha sa isa't isa, (2) paglaki ng pisikal na distansya sa pagitan ng mga tao, (3) pagbawas sa oras na ang mga tao ay malapit sa iba, at (4) paggamit ng mga pamamaraan upang mabawasan ang pagkalat ng mga patak at aerosol (hal., paggamit ng panakip sa mukha at pagtatakip sa mga pag-ubo at pagbahing). Dahil ang ilan sa mga estratehiyang ito ay maaaring mas mahirap o mas madaling ipatupad depende sa lokasyon/sitwasyon sa paaralan at edad ng mga estudyante (hal., ang mga estudyante sa mababang paaralan ay maaaring mas higit na mahihirapan na magsuot ng mga panakip sa mukha), ang mga kinakailangan at rekomendasyon para sa pagbawas ng pagkalat ng sakit sa kabuuan ay umaayon sa mga sumusunod na mga prinsipyo ng pag-aayos:

**Larawan 1. Mga Prinsipyo ng Pag-aayos para sa Pag-iwas ng Pagkalat ng COVID-19 batay sa Edad ng Pangkat**

**Prinsipyo ng Pag-aayos:  
Matatag na mga Pangkat**

**Prinsipyo ng Pag-aayos:  
Pisikal na Pagdistansya  
at mga Panakip sa  
Mukha**



Hindi gaanong magawa na limitahan ang pakikipagsalamuha ng malapitan at pagsuot ng mga panakip sa mukha

Mas magawa na mapanatili ang matatag na mga pangkat

Mas malaki ang pangangailangan para sa personal at batay sa pangkat na pagtuturo na may pakikipagsalamuha ng malapitan upang suportahan ang panlipunang-emosyonal at pang-akademiko na pag-unlad

Mas magawa na limitahan ang pakikipagsalamuha ng malapitan at pagsuot ng mga panakip sa mukha

**Hindi gaanong magawa na mapanatili ang matatag na mga pangkat**

Mas kaunti ang pangangailangan para sa personal at batay sa pangkat na pagtuturo na may pakikipagsalamuha ng malapitan upang suportahan ang panlipunang-emosyonal at pang-akademiko na pag-unlad



## Elementary Schools

- Pisikal na Pagdistansya
  - Mga Silid-aralan: Ang mga estudyante at kawani ay mananatili sa isang matatag na pangkat para sa buong araw upang maiwasan ang paghahalo sa iba pang mga estudyante o kawani, na may limitadong mga pagbukod upang payagan ang mga estudyante na may mga kapansanan at kawani na nagbibigay ng espesyal na edukasyon at mga nauugnay na serbisyo upang paikutin sa mga matatag na mga pangkat sa silid-aralan (o sa isang magkahiwalay na pangkat ng estudyante upang makatanggap ng mga espesyal na serbisyo sa edukasyon) at para sa mga espesyalista na guro (hal., guro ng musika) na magbigay ng personal na pagtuturo.
- Mga Panakip sa Mukha
  - Ang lahat ng mga estudyante ay kinakailangang magsuot ng tela na panakip sa mukha habang dumadating at umaalis mula sa kampus ng paaralan, sa anumang lugar sa labas ng silid-aralan kung saan maaari silang makipagsalamuha ng malapitan sa isang tao sa labas ng kanilang matatag na pangkat sa silid-aralan, at habang naghihintay o sumasakay sa isang bus ng paaralan.<sup>4</sup>
  - Ang mga estudyante sa ikalawang baitang at mas mababa ay hinihikayat na magsuot ng tela na panakip sa mukha sa loob ng kanilang matatag na pangkat sa silid-aralan. Ang mga estudyante sa ikatlong baitang at pataas ay dapat gumamit ng mga panakip sa mukha kapag nasa silid-aralan kahit na nasa isang matatag na pangkat sa silid-aralan.

## Middle schools/junior high schools at high schools

- Pisikal na Pagdistansya
  - Mga Silid-aralan: Ang mga lamesa ng mga estudyante ay dapat na anim na talampakan ang layo mula sa isa't isa. Ang ilang mga paaralan ay maaaring magpasya na paghiwalayin ang mga estudyante na may mga harang.
  - Maaari ring magpasya ang mga paaralan na panatilihin ang mga estudyante sa mas matatag na mga pangkat, na maaaring makaapekto sa mga inaalok na kurso at sa mga iskedyul ng klase ng mga estudyante.

---

<sup>4</sup> Ang mga estudyante (na nasa transitional kindergarten hanggang 12th grade) na nakabukod sa lahat ng mga kinakailangan ng panakip sa mukha kasama ang: (1) sinumang may problema sa paghinga o walang malay, walang kakayahan (incapacitated), o hindi makatanggal ng panakip sa mukha nang walang tulong at (2) mga estudyanteng may espesyal na pangangailangan na hindi kayang tumiis na may mga panakip sa mukha.

- Mga Panakip sa Mukha
  - Ang lahat ng mga estudyante ay kinakailangang magsuot ng tela na panakip sa mukha habang dumadating at umaalis mula sa kampus ng paaralan, sa anumang lugar sa labas ng silid-aralan kung saan maaari silang makipagsalamuha ng malapitan sa isang tao sa labas ng kanilang matatag na grupo sa silid-aralan, at habang naghihintay o sumasakay sa isang bus ng paaralan.
  - Ang mga estudyante sa middle school/junior high school at high school ay dapat gumamit ng mga tela na panakip sa mukha kapag nasa silid-aralan kahit na nasa isang matatag na pangkat sa silid-aralan.

### **Lahat ng mga Lugar/Sitwasyon sa Paaralan**

- Pisikal na Pagdistansya
  - Mga silid-aralan
    - Ang mga lamesa ng guro ay hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa mga estudyante upang mabawasan ang panganib ng matanda-sa-bata na pagkalat.
    - Ang mga guro at estudyante ay dapat na sanayin upang mapanatili ang anim na talampakan na distansya mula sa isa't isa hangga't maaari.
    - Ang mga estudyante ay bibigyan ng partikular, pare-parehong mga upuan upang mabawasan ang mga pakikipagsalamuha ng malapitan sa loob ng mga silid-aralan.
    - Ang mga paaralan ay dapat gumawa ng mga hakbang upang madagdagan ang sirkulasyon ng panlabas na hangin (hal., pagbubukas ng mga bintana, pagbabago ng mga bilis ng bentilasyon ng mga air conditioning systems).
    - Ang mga paaralan ay maaaring gumamit ng mga malalaking espasyo na hindi silid-aralan para sa pagtuturo o sa pagbigay ng mga klase sa labas upang mapayagan ang mas higit na pisikal na pagdistansya.
    - Dapat bawasan ng mga paaralan ang pagbabahagi sa mga estudyante ng mga materyales na madalas na nahahawakan, tulad ng mga gamit sa sining at elektronikong aparato, at dapat linisin at disimpektahin ang mga ibinahaging gamit sa pagitan ng paggamit.
    - Ang mga pag-aari ng isang estudyante ay panatilihing nakahiwalay sa mga gamit ng ibang estudyante.
  - Paglipat ng pagtuturo sa labas
    - Ang mga paaralan ay dapat na maglipat ng maraming pagtuturo at ng maraming aktibidad hangga't maaari sa mga panlabas na espasyo at



- iba pang mas malaking mga espasyo upang mapayagan ang mas higit na pagdistansya sa pagitan ng mga estudyante at pagkalat ng anumang mga particle ng virus.
- Sa panahon ng mga aktibidad na hindi panturo (non-instructional activities)
    - Mga Pagkain: Ang mga paaralan ay maaaring magbigay ng pagkain sa mga silid-aralan o sa labas, sa halip na sa mga cafeteria o mga pang-grupo na silid kainan.
    - Mga Palaruan at Recess: Ang mga estudyante ay maaaring italaga sa mga lugar ng palaruan upang panatilihin silang malayo sa ibang matatag na mga pangkat sa silid-aralan. Ang paggamit ng recess at palaruan ay maaaring maging paisa-isa sa buong araw upang malimitahan ang paghahalo ng mga estudyante mula sa iba't ibang mga silid-aralan. Maaaring limitahan ng mga paaralan ang paggamit ng palaruan pabor sa mga pisikal na aktibidad na nangangailangan ng mas kaunti na paghawak sa mga kagamitan at payagan ang mas higit na pisikal na pagdistansya.
    - Mga Locker: Maaaring limitahan ng mga paaralan ang pagkakaroon ng locker upang maiwasan ang hindi kinakailangang paghahalo ng mga estudyante sa mga pasilyo.
  - Mga Panakip sa Mukha
    - Kawani
      - Ang lahat ng kawani ay dapat magsuot ng mga tela na panakip sa mukha, maliban kung sila ay kumakain o umiinom, o pinayuhan sila na hindi sumuot nito dahil sa medikal na kadahilanan.
      - Ang mga guro ay maaaring magsuot ng mga panakip sa mukha na may mga malinaw na bintana o mga face shield na may angkop na selyo (ibig sabihin, ang panakip na tela na umaabot mula sa ibabang gilid ng shield at ipinasok sa kwelyo ng damit) habang nagtuturo ng tunog upang pahintulutan ang mga estudyante na makita ang bibig ng guro at kapag ang pagsusuot ng panakip sa mukha ay magiging hadlang sa pakikipag-usap sa isang estudyante na may kapansanan sa pandinig o isang estudyanteng may kapansanan.
      - Ang mga guro at kawani na nakabukod sa kinakailangang panakip sa mukha ay hindi maaaring italaga sa mga tungkulin kung saan sila ay makikipagsalamuha ng malapitan sa mga estudyante.
    - Mga Pag-iingat sa Pangkabuuang Kaligtasan
      - Paghuhugas ng Kamay: Ang mga paaralan ay dapat gumawa ng mga gawain upang matiyak na ang mga estudyante ay naghuhugas ng kanilang mga kamay

- o gumagamit ng sanitizer ng kamay pagdating sa kampus; pagkatapos gamitin ang banyo; pagkatapos maglaro sa labas at bumalik sa silid-aralan; bago at pagkatapos kumain; at pagkatapos umubo o bumahing.
- o Paglilinis at pagdidisimpekta: Sa pang-araw-araw o mas madalas na gawin, ang mga paaralan ay dapat maglinis at magdisimpekta ng madalas na hinawakan na matitigas na mga kagamitan alinsunod sa gabay ng mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC).
- Paglilimita ng mga Bisita
  - o Ang mga kinakailangang bisita at boluntaryo lamang ang papayagan sa kampus, at dapat limitahan ng mga paaralan ang pakikipagsalamuha ng mga bisita sa mga estudyante at kawani.

### **Mga Aktibidad na Elective at Ekstrakurikular**

- Papayagan lamang ng mga paaralan ang mga klase na elective at mga ekstrakurikular na aktibidad kung saan ang pisikal na pagdistansya (hindi bababa sa anim na talampakan) at paggamit ng panakip sa mukha ay maaaring mapanatili sa lahat ng oras.
- Hindi papayagan ang mga estudyante na lumahok sa mga personal na aktibidad na gumagawa ng mga mataas na antas ng aerosol, kabilang ang mga choir na personal, banda, at mga aktibidad ng vocal cheerleading (mga cheer at pag-awit) dahil sa mas mataas na panganib ng pagkalat ng sakit. Ang mga klase ng choir at banda at mga aktibidad na pang-cheerleading ay maaaring gawin kung hindi sila nagsasama ng mga aktibidad na bumubuo ng aerosol tulad ng pagkanta, pagtugtog ng mga hinihipan o tansong instrumento, pag-cheer, o pag-awit. Maaaring magamit ang oras ng personal na klase para sa mga aktibidad na hindi gumagawa ng aerosol, tulad ng pag-aaral ng ritmo, teorya ng musika, kasaysayan ng musika, komposisyon, pagsusuri, at iba pa.

### **Mga Atletika**

- Maaaring maganap lamang ang mga atletika ng paaralan bilang pagsunod sa [Memorandum ng Mga Tanong at Sagot sa Mga Palaro ng Kabataan](#) ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California na inilabas noong Agosto 3, 2020.

### **Ano ang mga pamamaraan para sa pagsuri (screening) at pagpapasuri (testing) ng mga estudyante at kawani?**

## Pagsuri (Screening) para sa mga Sintomas ng COVID-19

- Lahat ng mga estudyante at kawani ay dapat na suriin bago dumating o sa pagdating sa paaralan.
  - Pagsuri (Screening) sa kawani: Dapat suriin ng mga paaralan ang kawani para sa mga sintomas ng COVID-19 pagdating nila sa paaralan at/o hilingin sa kawani na suriin ang kanilang sarili para sa mga sintomas ng COVID-19 bago dumating sa paaralan.
  - Pagsuri sa estudyante: Maaaring suriin ng mga paaralan ang mga sintomas ng COVID-19 pagdating ng mga estudyante sa paaralan at/o hilingin sa mga pamilya na suriin ang mga estudyante para sa mga sintomas ng COVID-19 bago dumating sa paaralan. Ang mga pamilya na sumusuri para sa mga sintomas sa bahay ay maaaring tumingin sa sumusunod na sampol na template ng pagsuri ng Departamento ng Pangkalusugan:

### 1. Sa loob ng huling 10 araw, nasuri ba kayo na may COVID-19 o nagkaroon ng isang pagsusuring nagkukumpirma na mayroon kayong virus?

Oo - MANATILI SA BAHAY at humingi ng medikal na pangangalaga.

### 2. Sa loob ng huling 14 na araw, nakikipagsalamuha ba kayo ng malapitan sa isang tao na nakabukod dahil sa COVID-19 o nagkaroon ng isang pagsusuri na nagkukumpirma na mayroon silang virus? Ang pakikipagsalamuha ng malapitan ng mas mababa sa 6 na talampakan sa 15 minuto o mahigit.

Oo - MANATILI SA BAHAY at humingi ng medikal na pangangalaga at pagsusuri.

### 3. a. Nagkaroon ba kayo ng isa o higit pa ng mga sintomas na ito ngayon o sa loob ng nakaraang 3 araw?

- Lagnat o panginginig
- Ubo
- Pagkawala ng panlasa o pang-amoy
- Kakapusan ng paghinga o nahihirapan huminga

Oo - MANATILI SA BAHAY at humingi ng medikal na pangangalaga at pagsusuri.

### b. Nagkaroon ba kayo ng anuman o higit pa ng mga sintomas na ito ngayon o sa loob ng nakaraang 3 araw na bago o hindi maipaliwanag ng ibang dahilan?

- Pagkapagod
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pananakit ng ulo
- Pananakit ng lalamunan
- Pagkahilo, pagsusuka, o pagtatae

Oo - MANATILI SA BAHAY at humingi ng medikal na pangangalaga at pagsusuri.

- Ang pagsuri ng temperatura ng mga estudyante at kawani ay hindi kailangan. Tulad ng itinukoy ng Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit, ang pagsusuri ng temperatura at sintomas ay medyo hindi epektibo sa pagtukoy sa lahat ng mga nahawaang indibidwal, dahil (1) hindi lahat ng mga nahawaang indibidwal ay may mga sintomas at (2) ang lagnat ay maaaring hindi ang unang sintomas na lumitaw. Bilang karagdagan, may mga potensyal na sagabal at panganib sa pagsusuri ng temperatura (hal, hindi tumpak na pagbabasa ng temperatura, panganib ng pagkalat sa screener at sa indibidwal na sinusuri, at panganib ng pagkalat habang naghihintay ang mga indibidwal sa pagsusuri). Kung ang mga paaralan ay nagsasagawa ng pagsusuri ng temperatura, gagamit sila ng mga thermometer na walang contact.

### **Pagsusuri para sa COVID-19**

Ang mga paaralan ay mangangailangan sa mga estudyante at kawani na magpasuri para sa COVID-19 sa lalong madaling panahon pagkatapos na magkaroon sila ng isa o higit pa ng mga sintomas ng COVID-19 o isa sa mga miyembro ng kanilang kabahayan o hindi miyembro ng kanilang kabahayan na nakasalamuha nila ng malapitan ay nasuring positibo sa COVID-19.

- Mga positibong resulta ng pagsusuri:
  - Ang mga magulang/tagapag-alaga at kawani ay dapat na magbigay-alam kaagad sa administrasyon ng paaralan kung ang isang estudyante o kawani ay nasuring positibo sa COVID-19 o isa sa mga miyembro ng kanilang kabahayan o hindi miyembro ng kanilang kabahayan na nakasalamuha nila ng malapitan ay nasuring positibo sa COVID-19.
- Mga negatibong resulta ng pagsusuri:
  - Ang mga estudyante o kawani na may mga sintomas ng COVID-19 na nasuring negatibo sa COVID-19 ay dapat manatili sa bahay hanggang sa hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos gumaling ang lagnat (kung mayroon man) at pagbuti ng iba pang mga sintomas.
  - Ang mga estudyante o kawani na nakipagsalamuha sa isang kumpirmadong kaso ngunit walang mga sintomas ay dapat manatili sa bahay sa loob ng 14 na araw mula sa petsa ng huling pagkalantad kahit na sila ay nasuring negatibo. Kung ang kumpirmadong kaso ay miyembro ng kabahayan, magsisimula ang panahon ng kuwarantina kapag natapos ng positibong miyembro ng kabahayan ang kanilang pagbubukod.

- Ang mga estudyante at kawani na mayroong mga sintomas ng COVID-19 o nakasalamuha ng malapitan ng isang kaso ng COVID-19 ay dapat magbigay sa administrasyon ng paaralan ng dokumentasyon ng isang negatibong resulta ng pagsusuri bago bumalik sa paaralan.
- Sa halip ng dokumentasyon ng isang negatibong resulta ng pagsusuri, ang isang estudyante o miyembro ng kawani na may mga sintomas ay maaaring bumalik sa paaralan pagkatapos magbigay ng isang medikal na sulat na nagbibigay ng isang alternatibong paliwanag para sa mga sintomas at mga kadahilanan para sa hindi pag-order ng pagsusuri para sa COVID-19.
- Ang impormasyon tungkol sa mga lokayson ng pagsusuri ay makikita sa [www.sccfreetest.org](http://www.sccfreetest.org).
- Hihikayatin ng mga paaralan ang mga tauhan na kumuha ng regular na pagsusuri sa COVID-19 kada buwan.

## **Paano tutugon ang mga paaralan sa mga pinaghihinalang o nakumpirmang mga kaso ng COVID-19 at sa mga nakipagsalamuha ng malapitan?**

### **Tugon sa Mga Pinaghihinalang o Kumpirmadong mga Kaso at sa mga Nakipagsalamuha ng Malapitan**

Ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan nagbigay ng detalyadong patnubay sa mga paaralan tungkol sa mga hakbang na dapat gawin bilang tugon sa pinaghinalang o kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 at ang mga nakipagsalamuha ng malapitan sa isang tao na nasuring positibo para sa COVID-19 sa mga talahanayan (table) sa ibaba. Dapat na masubaybayan ng mabuti ng mga pamilya ang mga komunikasyon ng paaralan na nauugnay sa COVID-19, maghanda para sa posibilidad na maaaring kailanganin ng mga estudyante na magbukod o magkuwarantina para sa mga partikular na tagal ng panahon, at magplano na magbigay ng katibayan ng isang negatibong resulta ng pagsusuri bago bumalik sa paaralan. Kung ang mga estudyante o kawani ay natukoy na mayroong COVID-19 o na nakasalamuha ng malapitan ng isang kaso ng COVID-19, ang mga apektadong kawani at pamilya ay tatawagan tungkol sa anumang kinakailangang pagsusuri at pagbukod o kuwarantina.

**Table 1. Mga Hakbang na Gawin sa Pagtugon sa mga Nakumpirma o Pinaghihinalang Kaso ng COVID-19 at sa mga Nakipagsalamuha ng Malapitan**

Sitwasyon	Agarang Askyon	Komunikasyon
<p><u>Sitwasyon 1:</u> Ang isang estudyante o miyembro ng kawani ay nagpakita ng mga sintomas ng COVID-19 o may temperatura na 100.00 o mas mataas pa.</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pinauwi ang estudyante/kawani</li> <li>• Inabisuhan ang administrasyon ng paaralan</li> <li>• Inatasan ang estudyante/kawani na magpasuri</li> <li>• Nananatiling bukas ang silid-aralan</li> </ul>	<p>Walang kinakailangang aksyon</p>
<p><u>Sitwasyon 2:</u> Ang isang miyembro ng pamilya o isang taong nakipagsalamuha ng malapitan sa isang estudyante o miyembro ng kawani (sa labas ng komunidad ng paaralan) ay nasuring positibo para sa COVID-19</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pinauwi ang estudyante/kawani</li> <li>• Inabisuhan ang administrasyon ng paaralan. Inatasan ang estudyante/kawani na magpasuri sa ikapitong araw pagkatapos malantad sa isang kaso</li> <li>• Inatasan ang estudyante/kawani na magkuwarantina, kahit na sila ay nasuring negatibo, sa buong 14 na araw pagkatapos ng petsa ng huling malantad sa isang kaso ng COVID-19</li> <li>• Nananatiling bukas ang silid-aralan</li> <li>• Kung ang estudyante/kawani ay nasuring positibo sa panahon ng kuwarantina, tingnan ang Sitwasyon 3 sa ibaba</li> </ul>	<p><i>Template na mga Sulat:</i></p> <p>Sulat sa Estudyante/Miyembro ng Kawani na nakasalamuha ng malapitan ng Kaso ng COVID-19</p> <p>AT</p> <p>Sulat sa mga Miyembro ng Pangkat (sa Sitwasyong may Pangkat)</p>
<p><u>Sitwasyon 3:</u> Ang isang estudyante o miyembro ng kawani ay nasuring positibo para sa COVID- 19.</p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Pinauwi ang estudyante/kawani kung hindi pa nakuwarantina</li> <li>• Inabisuhan ang administrasyon ng paaralan</li> <li>• Inabisuhan ang Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan</li> <li>• Inatasan ang estudyante/kawani na magbukod nang hindi bababa sa 10 araw pagkatapos magsimula ang sintomas AT hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos gumaling ang lagnat AT bumuti ang mga sintomas (Kung walang mga sintomas, magbukod sa loob ng 10 araw pagkatapos ng petsa ng positibong pagsusuri.)</li> <li>• Ang mga nakipagsalamuha ng malapitan na batay sa paaralan na natukoy at inatasan na magpasuri at magkuwarantina ng 14 na araw</li> </ul>	<p><i>Template na mga Sulat:</i></p> <p><u>Para sa Sitwasyong may Pangkat</u></p> <p>Sulat sa Estudyante/ Miyembro ng Kawani na isang Kaso ng COVID-19</p> <p>AT</p> <p>Sulat sa mga Miyembro ng Pangkat</p>

- Sa matatag na mga pangkat sa silid-aralan: buong pangkat.
- Sa iba pang mga sitwasyon: gumamit ng seating chart, kumunsulta sa guro/kawani
- Sa sitwasyong may pangkat, magsasara ang silid-aralan.

*Para sa mga Hindi-Pangkat na Sitwasyon*  
Sulat sa Estudyante/  
Miyembro ng Kawani  
na isang Kaso ng  
COVID-19

AT

Sulat sa mga  
Nakipagsalamuha ng  
Malapitan

AT

Sulat sa Lahat ng Iba  
Pang mga Miyembro ng  
Komunidad



**Table 2. Mga Hakbang na Dapat Gawin sa Pagtugon sa NEGATIBONG Resulta ng Pagsusuri at sa Personal na Pagbalik sa Paaralan/Trabaho**

Sitwasyon	Agarang Askyon	Komunikasyon
Ang isang estudyante o miyembro ng kawani ay nasuring negatibo para sa COVID-19 pagkatapos ng Sitwasyon 1 (may mga sintomas)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang estudyante/kawani ay maaaring bumalik sa paaralan 24 oras pagkatapos gumaling ang lagnat at bumuti ang iba pang mga sintomas</li> </ul>	Pamilya ng estudyante/kawani na magdala ng katibayan ng negatibong pagsusuri ng COVID-19 o medikal na sulat kung hindi ginawa ang pagsusuri
Ang isang estudyante o miyembro ng kawani ay nasuring negatibo pagkatapos ng Sitwasyon 2 (nakipagsalamuha ng malapitan)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Ang estudyante/kawani ay dapat manatili sa kuwarantina sa buong 14 na araw pagkatapos ng petsa ng huling malantad sa kaso ng COVID-19</li> <li>• Kung ang isang nakipagsalamuha ng malapitan ay patuloy na nakalantad sa isang kaso sa panahon ng kanilang pagbubukod (hal. miyembro ng kabahayan), ang kuwarantina ay matatapos ng 14 araw pagkatapos ng panahon ng pagbubukod ng kaso.</li> </ul>	Walang kinakailangang aksyon
Ang isang estudyante o miyembro ng kawani ay nasuring negatibo pagkatapos ng regular na pagsusuri (screening)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Maaaring bumalik sa paaralan/trabaho kaagad</li> </ul>	Walang kinakailangang aksyon

**Paano matukoy ng mga paaralan kung ang isang indibidwal na estudyante ay dapat alukin ng nakadistansya o hindi personal na pag-aaral dahil sa COVID-19?**

**Nakadistansya/Hindi Personal na Pag-aaral para sa mga Estudyante na nasa Mataas na Panganib at mga Estudyanteng may mga Miyembro ng Kabahayan na nasa May Mataas na Panganib**

Isasaalang-alang ng mga paaralan ang nakadistansya o hindi personal na pag-aaral para sa (1) mga estudyante na may seryosong medikal na kondisyon o yung malalagay sa panganib ng personal na pagtuturo, o yung nagbubukod o yung nagkuwarantina dahil sa pagkalantad sa COVID-19 o (2) mga estudyanteng nakatira sa isang kabahayan kasama ang sinumang may seryosong medikal na kondisyon.

Sa ilalim ng patnubay ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, ang mga paaralan ay dapat mag-alok ng nakadistansyang pag-aaral batay sa mga natatanging kalagayan ng bawat estudyante na malalagay sa panganib ng personal na pagtuturo. Ang Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California ay nagbibigay ng mga sumusunod na halimbawa kung kailan dapat mag-alok ng nakadistansyang pag-aaral sa isang estudyante: mga estudyanteng may kondisyon sa kalusugan, mga estudyanteng may mga miyembro ng pamilya na may kondisyon sa kalusugan, mga estudyanteng nakatira kasama o regular na nakikipagsalamuha sa mga indibidwal na may mataas na panganib, at mga estudyanteng na natukoy bilang "nasa-panganib" ng isang magulang o tagapag-alaga. Ayon sa Departamento ng Edukasyon ng California, ang mga paaralan ay hindi kinakailangang humiling ng dokumentasyon mula sa mga pamilya upang mapatunayan na ang isang kahilingan na lumahok sa nakadistansya na pag-aaral ay tumutugon sa isang partikular na pamantayan.